

KABANATA X : PONDO PARA SA LUPAING NINUNO

Seksyon 71. Pondo para sa Lupaing Ninuno. Sa pamamagitan nito ay bubuuin ang isang natatanging pondo, na makikilala bilang Pondo para sa Lupaing Ninuno, ang panimulang halaga na Isang Daan at Tatlumpong Milyong Piso (P130,000,000) ay itatalaga upang mabayaran ang mga lupang binawi, ang pagtukoy at pagsukat at pagpapaunlad sa lupaing ninuno. Ang halagang Limampung Milyong Piso (P50,000,000) ay magmumula sa kinita (gross income) ng Philippine Charity Sweepstakes Office (PCSO) mula sa operasyon ng lotto, Sampung Milyong Piso (P10,000,000) mula sa mga tinanggap na buwis (gross receipt) na ipinataw sa mga manlalakbay ng nakaraang taon, ang pondo ng Konseho sa Panlipunang Pagbabago (Social Reform Council) na nakalaan sa surbey at pagsusukat ng mga lupa/lupaing ninuno, at iba pang mapagkukunan na maituturing ng pamahalaan na naaangkop. Pagkatapos nito, ang nasabing pondo ay isasama na sa taunang Pangkalahatang batas sa Paglalaan ng Gugulin (General Appropriations Act). Ang mga pondong lokal at nagmula sa ibang bansa na ibinigay para sa mga pamahalaan ng Pilipinas ay padadaanin sa PKKP/NCIP. Ang PKKP/NCIP ay maaari ring mangalap at tumanggap ng mga donasyon, bigay at iginawad sa anyo ng mga abuloy, at ang nasabing kaloob ay hindi papatawan ng buwis (income and gift taxes), mga singil o butaw na ipinapataw ng pamahalaan o anumang pampulitikang bahagi o mga ahensya nito.

Revision #1

Created 1 June 2025 05:52:26 by MaharlikanWatchman

Updated 1 June 2025 05:52:42 by MaharlikanWatchman